# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-6 ng Pebrero, 2024

## 146 na mga Ballot Drop Box ang Bukas para sa Presidensyal na Primaryang Eleksyon sa Marso

Simula Martes, Ika-6 ng Pebrero, ang mga rehistradong botante ay maaaring ibalik ang kanilang balotang pangkoreo para sa Presidensyal na Primaryang Eleksyon sa Marso sa alinmang 146 na opisyal na mga ballot drop box na matatagpuan sa buong county.

Ang mga balotang pangkoreo para sa 1.9 milyong rehistradong botante ng County ay inaasahang dumating ngayon linggo.

**Ano ang hitsura ng mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro?**

Ang mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro ay pula, puti, at asul at nagtatampok ng logo ng Tagapagrehistro kasama ang selyo ng County. Ang lahat ng mga kahon ay may label na "Opisyal na Ballot Drop Box" at ginawa mula sa mataas na grado, mabigat na sukat na hindi kinakalawang na asero.

Ang bawat ballot drop box ay idinisenyo upang maiwasan ang pisikal na pinsala at hindi awtorisadong pag-access sa mga balotang pangkoreo. Nagtatampok ang mga kahon ng double-locking access na mga pinto, anti-pry door jambs, at iba pang mga hakbang sa pagtatayo laban sa pagnanakaw. Ang team sa pagkuha ng balota ng Tagaparehistro ay responsable para sa pagkolekta ng mga balota sa loob ng kahon.

**Paano ko ibabalik ang aking balota sa isang opisyal na ballot drop box?**

Markahan ang inyong balota, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob ng inyong sobreng pagbabalikan, lagyan ng petsa at pirmahan ang inyong pangalan sa sobreng pagbabalikan, at ibalik ito sa koreo o sa isa sa opisyal na mga ballot drop box ng Tagapagrehistro sa buong mga county. Tandaan, ang inyong pirma ay kinakailangan upang mabilang ang inyong boto.

Mula sa 146 na opisyal na mga ballot drop box, 103 dito ay matatagpuan sa mga labas ng gusali at bukas ng 24 oras kada araw hanggang sa ika-8 ng gabi sa huling araw ng pagboto, Ika-5 ng Marso. Apatnapu't-tatlo ang matatagpuan sa loob at available kapag ang pasilidad ay bukas. I-check ang listahan ng lokasyon o ang locator tool para sa oras ng operasyon ng bawat pasilidad bago pumunta para isauli ang inyong balota.

Sa huling araw ng pagboto, Ika-5 ng Marso, ang lahat ng mga opisyal na lokasyon ng ballot drop box ng Tagapagrehistro ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

**Paano ako boboto sa personal?**

Ang maagang pagboto ay nagsimula noong Lunes sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante na matatagpuan sa campus ng County Operations Center sa Kearny Mesa.  Ang mga oras ay mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes. Subalit, ang opisina ng Tagapagrehistro ay magsasara sa Lunes, Ika-19 ng Pebrero para sa paggunita ng Araw ng Presidente(President's Day). Sa kadahilan ng malalaking konstruksyon sa County Operations Center, para doon sa mga nais bumisita sa opisina ng Tagapagrehistro ay hinihikayat na maglaan ng karagdagang oras para makahanap ng parking.

Kung mas nais ninyong bumoto nang personal, 39 na mga vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon simula Sabado, Ika-24 ng Pebrero.

Sa Sabado, Ika-2 ng Marso, may karagdagang 179 na mga vote center ang magbubukas para sa kabuuang bilang na 218. Ang mga lokasyon ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa Ika-4 ng Marso. Sa huling araw ng pagboto, Ika-5 ng Marso, lahat ng mga vote center at mga opisyal na ballot drop box ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-6 ng Pebrero, 2024

Iwasan ang mahahabang pila sa pamamagitan ng paggamit ng mabuting benepisyo sa maagang pagboto. Mayroon kayong opsyon para botohan ang inyong balota sa alinmang vote center sa buong county.

Makakahanap kayo ng opisyal na ballot drop box o vote center malapit sa inyo sa loob ng inyong pamplet ng impormasyon ng botante, o maaari ninyo itong tingnan online sa sdvote.com.

Kung plano ninyong bumoto para sa presidente, hinihikayat kayo ng Tagapagrehistro na suriin ang bawat patakaran ng mga pulitikal na partido.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa presidensyal na primarya sa Marso sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101